MiMAROPA

Lathalain ng Philippine Information Agency • Region IV-B • Vol. I, No. 3 Mayo - Hunyo, 2003

State visit ni GMA sa US, matagumpay

Pinapurihan ni U.S. President George W. Bush ang Pangulong Gloria Macapagal Arroyo bilang isang lider ng Global Anti-Terror Campaign sa ginawang state visit ng Pangulo sa Estados Unidos kamakailan.

Tatlo pa lamang ang nagsagawa ng state visit simula ng si Bush ay maging pangulo, at ito ang kauna-unahan sa isang lider mula sa Asya, at naniniwala siya ng tagumpay laban sa "forces of global terror".

Sinabi ni Bush na ang pagtanggap ng Pangulong Arroyo sa mga tropang Amerikano na magsanay at tumulong sa kanilang Philippine counterparts laban sa anti-terror operations ay nagpapakita na siya nga ay isang lider sa pagbuo ng malawak na kooperasyon laban sa terorismo sa buong Asia-Pacific Region.

Binigyang diin ni Bush na dahil sa mga ginawa ng Pangulong Arroyo upang ang ating daigdig ay maging ligtas, "America thanks you". Ito ang kanyang sinabi sa pagtanggap na ginawa sa South Lawn ng White House.

Sinabi pa ni Bush na ang Pilipinas ay tatanggap ng 30 Huey Helicopters bilang bahagi ng $126 milyong military assistance ngayong taong ito. Kasama rin dito ang $30 milyong grant para pambili ng mga kagamitan at para sa pagsasanay sa counter terrorism operations; $30 milyong aid bilang suporta sa peace process sa Mindanao; $25 milyon para sa organisasyon ng combat engineering unit; at $10 milyon para sa pagmamantini ng military equipment at pambili ng spare parts.

Tinanggap din ni Bush ang imbitasyon ng Pangulong GMA na bumisita sa Pilipinas sa taong ito.

Sinabi ni *(sundan sa p. 2)*

Si Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo at US Pres. George W. Bush sa isang 'joint press conference' sa White House.

*Masayang tinatanggap ni Agriculture Secretary Luis P. Lorenzo, Jr. ang **'Gawad Pasasalamat'** mula kay PIA Director-General Renato S. Velasco bilang panauhing pandangal sa katatapos na kumbensyon ng Luzon Communicators Network na ginanap sa Hyatt Regency Hotel. Kasama rin si Maj. Gen. Melchor P. Rosales, Chairman ng NDCC. Nasa dulong kaliwa sina PIA IV-B Director Riza J. Baldoria at PIA Region III Director Oscar T. Marcelo sa kanilang pagbasa ng pagkilala. (kuha ni A. Arroyo)*

RORO, food highway

Nilagdaan kamakailan ng Pangulong Gloria Macapagal Arroyo ang Executive Order 170-A na naglulunsad sa pagbubukas ng Roll-on Roll-off (RORO) Food Highway o RORO 2 ang second route ng Strong Republic Nautical Highway.

Ang paglagda ay ginanap sa Cagayan de Oro City sa ikapitong araw ng kanyang pagbisita sa Mindanao. Ang RORO 2 ay sinubukan ng Department of Agriculture noong nakaraang Mayo at inaasahang matutugunan ang pangangailangan ng masaganang pagkaing magmumula sa Mindanao ang mga pamilihan sa Luzon.

Magmumula ang RORO 2 sa mga magkahiwalay na land segments mula Davao City at General Santos City dadaan sa Bukidnon mga lima hanggang anim na oras.

Ang 30-hour sea segment, ay sineserbisyuhan ng WG&A Superferry mula Cagayan de Oro City hanggang Dumaguete City tuloy ng Southern Luzon at Bicol sa pamamagitan ng Batangas City at magtatapos sa daungan ng Maynila upang matustusan ang Metropolitan Manila, Central at Northern Luzon ng *(sundan sa p. 2)*

Editoryal

Luzcomnet, isinilang

Maitatala sa kasaysayang pang-impormasyon ng gobyerno ang pagsilang ng **Luzon Communicators' Network *(LUZCOMNET).*** Pormal na naitatag ang organisasyon na binubuo ng may 250 government information officers sa ginawang paghahalal ng bagong pamunuan sa Hyatt Regency Hotel, Roxas Blvd., Pasay City.

Ang ganitong mga makasaysayang pangyayari kung saan ang mga maituturing nating babae at lalake sa larangan ng pampublikong komunikasyon ay nagpasyang magsama-sama bilang isang organisasyon. Layunin nito na maiangat ang kanilang propesyon katulad din ng iba pang mga organisasyon sa bansa.

Ang *LUZCOMNET* ay nabuo sa pagsisikap ng mga Regional Directors ng Phiilippine Information Agency Luzon Cluster sa pakikipag-ugnayan sa Public Relations Organization of the Philippines (PROP) upang mapataas ang propesyunal na pag-unlad ng mga government information officers mula sa Rehiyon I, II, III, IV-A, IV-B, V, CAR, at NCR. Magsisilbi itong mekanismo para sa promosyon at pagsisikap ng pamahalaang nasyunal sa pagbuo ng isang matatag na republika.

Tampok sa kumbensyon ang papel na ginagampanan ng mga local government information officers sa pagtataguyod ng isang matatag na bansa.

Kabilang din sa programa ay ang bahaging gagampanan ng government media upang makatulong sa pagbuo ng matatag na republika, ang bahaging gagampanan ng mga ito sa anti-poverty drive ng gobyerno at marami pang bagay.

Naging mabunga ang isang araw na diskusyon. Naipakita ng mga kalahok na anumang layunin sa pag-unlad ng gobyerno ay nakasalalay sa suportang pampubliko. Kapag naiintindihan ng bayan kung ano ang ating ginagawa, makakaasa tayo ng kanilang suporta. Ito ay totoo sa ilalim ng sistemang demokratiko ng bansa, kung saan mayroon tayong mga media na tumitingin at nagmamanman sa mga gawain ng gobyerno.

Ang hamon sa atin bilang government info officers ay bigyang liwanag ang sambayanang Pilipino sa pamamagitan ng pagpapalaganap ng mataas na uri ng impormasyon sa kasalukuyang direksiyon at estratehiya ng gobyerno at tumulong para sa pagpapatupad ng mga pangunahing programa at proyekto. Kung ating lilimiin ang iba't-ibang opinyon ng may 79 milyong Pilipino, hindi madali ang maging government communicator. Tayo bilang government communicators ang siyang magsisilbing tagapag-ugnay sa gobyerno at sa sektor na pampubliko, siyang magsisilbing gabay sa pagtutuwid sa di-pagkakaunawaan, miskomunikasyon at disimpormasyon. Ang katatapos na kumbensyon ay nagbukas sa bagong pakikipagkaibigan at malawakang ugnayan.

Malugod naming binabati ang mga bumubuo at lumahok sa kauna-unahang kumbensyon ng *LUZCOMNET* at sa mga bagong opisyales at mga miyembro nito sa pamumuno ng Philippine Information Agency. Hangad namin ang tagumpay ng LUZCOMNET.

Kumbensyon ng Luzcomnet, idinaos *Baldoria*, nahalal na Pangulo

Idinaos kamakailan ang kauna-unahang kumbensyon at eleksyon ng Luzon Communicators Network (LUZCOMNET) na binubuo ng mga government information officers mula sa Luzon na ginanap sa Hyatt Regency Hotel, Pasay City.

Sinabi ni Philippine Information Agency Director General Renato S. Velasco, na ang LUZCOMNET na itinatag ng PIA-Luzon Cluster sa pakikipag-ugnayan sa PROP upang maiangat ang propesyunal na pag-unlad ng mga government infoofficers mula sa Rehiyon I, II, III, IV-A, IV-B, V, CAR at NCR.

Itinatag ang LUZCOMNET upang magsilbing mekanismo para sa promosyon at pagsisikap ng pamahalaan sa pagbuo ng isang matatag na republika.

Si Agriculture Secretary Luis P. Lorenzo, Jr. ang panauhing pandangal at naging tagapanayam sina PROP administrator at NDCC Chairman Maj. Gen. Melchor P. Rosales; Presidential Chief of Staff Rigoberto Tiglao; PMS Secretary Silvestre C. Afable; National Security Adviser Roilo S. Golez; Presidential Adviser on Official Dev't. Secretary Marita Jimenez-Magpili; DOT Undersecretary Oscar P. Palabyab at NAPC Undersecretary Veronica Villavicencio.

Samantala, nahalal naman si PIA IV-B Director Riza J. Baldoria bilang presidente ng LUZCOMNET. Ang iba pang nahalal ay sina Ernesto Abarca ng Region I bilang bise-presidente at Maj. Edgard Arevalo ng CAR, vice-president for National Agencies; Winifred Ananayo ng Bontoc Mt. Province, Secretary; Purita Licas ng Region II, Treasurer; Vivian Longbian ng NEDA IV-B, Auditor; Dr. Carmel Mosura ng Antipolo City, PRO; at Danny Santos ng PCSO, Business Manager.

State visit ni GMA ...

buhat sa p. 1

Bush na ang kanyang pagbisita sa bansa ay kasabay ng kanyang pagdalo sa Asia Pacific Economic Conference (APEC) na gaganapin sa Bangkok, Thailand bago matapos ang taong 2003.

Samantala, ipinahayag ni Bush ang suportang ipagkaka-loob ng Amerika sa Pilipinas kaugnay ng pagpapabagsak sa mga teroristang kumikilos halos sa buong mundo.

Ipinangako rin niya ang kanyang alok na suportahan si Pangulong GMA sa paglutas ng problema sa Mindanao. Subali't binigyang-diin niya na tutulong lang ang Amerika kung hihingin ang tulong nito at ito ay ibabatay sa itinadhana ng saligang batas ng Pilipinas.

Inialok din ni Bush ang mga military equipment tulad ng Huey helicopters.

Kaugnay nito, ibinilang din ni Bush ang Pilipinas bilang pangunahing non-NATO (North Atlantic Treaty Organization) ally ng U.S. na siyang magpapalakas sa kampanya laban sa mga terorista sa Mindanao.

Dahil dito, makakasama ng Pilipinas ang mga bansang nasa kategoryang non-NATO ally ng U.S. tulad ng Australia, Bahrain, Egypt, Israel, Japan, Jordan, Argentina, New Zealand at Republic of Korea.

Napag-usapan din sa kanilang bilateral meeting na ginanap sa East Room ng White House ang tagumpay na nakamit sa ginanap na Balikatan exercises sa pagitan ng Pilipinas at Amerika noong nakaraang taon.

Nagkasundo ang dalawang lider na magpapatuloy pa ang nalalapit na pagtatalaga ng US Forces sa Pilipinas kaugnay ng nalalapit na 'joint military exercises' ng Pilipinas at Amerika sa timog bahagi ng bansa.

Sumagi din sa isip ni Bush ang ginawang pagtawag ni PGMA makaraan ang September 11 attacks sa Amerika. Labis na papuri ang inialay ni Bush bilang pasasalamat sa malasakit na ipinadama ng administrasyong Arroyo.

Ang pagbisita ng Pangulong Arroyo sa Amerika ay naging daan din upang mabuo ang 'modern framework' para sa magandang relasyon ng Pilipinas at Amerika para sa mga darating pang dekada.

Inamin ng Pangulo na sa pagbisitang ito ay inaasahang ang pagharap sa higit pang malawak na mga isyu, sa seguridad, katatagan ng bansa, kalakalan, negosyo, pagbabago sa ekonomiya t mahusay na pamamahala.

Idinagdag pa ng Pangulo na ang pagpapalakas sa relasyon ng Pilipinas sa mga kaalyadong bansa at iba pang mga bansa sa pamamagitan ng diplomatikong aspeto ay tulad ng kanyang nakamit sa pagbisita sa Amerika ay bahagi ng tinatawag niyang ***"strategic vision"***.

RORO, food . . .

buhat sa p. 1

mga kalakal at panindang manggagaling sa Mindanao. Nagbibiyahe ang superferry mula Cagayan de Oro City tuwing Biyernes.

Sinabi ni Agriculture Secretary Luis P. Lorenzo Jr. na ang proyekto ay "work-in-progress."

Iniulat pa niya na ang unang RORO route ay naging matagumpay hindi lamang sa pagtukoy sa pangangailangan ng kalakal ng Mindanao, Panay at ng pulong isla ng Negros gayundin sa promosyong panturismo mula Luzon at Mindanao hanggang sa Boracay.

Naging daan din ito upang mabuksan ang sunod sunurang ruta ng Zamboanga del Norte hanggang Batangas para sa National Food Authority sa paghahatid ng bigas, mais at palay.

Sa pamamagitan ng pasilidad ng RORO ang mga ibinibiyahe ay makakatipid sa gastos, makakatiyak ng mabuting kalidad at ang presyo ng produkto ay mababa.

Sinabi pa ni Lorenzo na ang Food Highway ay higit na may kakayahan sa paghahatid ng produktong Agrikultural at pampangisdaan mula Mindanao hanggang Luzon, sa paglikha ng bago at mas mahusay na pamilihan at malakas na network sa mga magsasaka at mangingisda para sa inter-island na pagnenegosyo.

Tayo ay kumikilos sa tamang dami, tamang oras, at tamang direksyon, dagdag pa niya.

Ang layunin ng Department of Agriculture ay alisin ang sagabal sa paghahatid ng mga produkto sa buong kapuluan na humihikayat ng kasapatan at katatagan ng presyo.

Umaayon din ito sa kampanya ng DA na "Sigla't Yaman sa Kanayunan" ngayong taong ito upang mapaunlad ang kanayunan. Tiyak na ang pagsasaka at pangisdaan sa ngayon ang nagsisilbing lakas sa pag-unlad at tagumpay ng bansa, dagdag pa ni Lorenzo.

Inaasahang makararating ang mga prutas at gulay mula sa Mindanao sa mga malalaking pamilihan sa Metro Manila.

Bago matapos ang taon inaasahang makukumpleto ang 12 regional tilapia hatcheries sa buong bansa, na inaasahang malaki ang magiging pakinabang at maihahatid sa iba't-ibang bahagi ng bansa sa pamamagitan ng RORO Highway.

Sa kabuuan talagang matutupad ang hangarin ng Pangulong Arroyo na magkakaroon ng pagkain ang bawat hapag ng pamilyang Filipino.

Balitang MIMAROPA

Ang Balitang MIMAROPA ay isang lathalain tuwing ikalawang buwan ng Philippine Information Agency Region IV-B, 3rd Floor PIA Building., Visayas Avenue, Diliman, Quezon City, Philippines
Tel. Nos. 920-4394 / 921-7941 loc. 4288

Renato S. Velasco
Director-General
Riza J. Baldoria
Director, PIA IV-B
Editor-in-Chief
Aurea E. Liwag
Managing Editor
Victoria Mendoza - Palawan Infocen
Ces Querubin - Oriental Mindoro Infocen
Montano Villones - Romblon Infocen
Pablo Serrano - Occ. Mindoro Field Office
Jaime Torres - Marinduque Field Office
Contributing Editors
Ofelia A. Alejandro
Niña R. Bocalan
Girlie B. Guyong
Researchers
Ed A. Macabulos
Layout Artist
Axiel I. Arroyo
Photographer
Dolores Llorando/Nepthali Victor
Circulation Managers

Contributions and feedback for publication are welcome. Please e-mail to ***pia_mimaropa@yahoo.com***

BALITANG PROBINSIYA

Mula sa Romblon

P2.7 M tulong ng CIDSS, ipinagkaloob sa Romblon

Espesyal na programa ng pamahalaan para sa mga Municipal Social Welfare and Development (MSWD) ang Comprehensive and Integrated Delivery of Social Services (CIDSS). Isa ang bayan ng Sta. Cruz sa mga nagtamasa at ito ay matagumpay na naimplementa sa pamamagitan ng maayos at masinop na pamamahala ng Sta, Cruz MSWD.

Tatlong barangay na nasa liblib ng Sta. Cruz ang kasalukuyang nagbebenipisyo sa CIDDS. Sa Kamandugan ay mayroong dalawang daang libong pisong (P200,000) tulong pangkabuhayan ang mino-monitor at naibigay ang proyektong Potable Water System. Ang Baguidbirin ay mayroong tulong pangkabuhayan ang asosasyon ng kababaihan na halagang siyamnapu't-pitong libong piso (P97,000). Tumanggap din ng tulong pinansiyal na P155,560 para sa kanilang Potable Water System at karagdagang tulong pinansiyal na apatnapung libong piso (P40,000) para sa mga piling pamilya na matindi ang pangangailangang ayusin ang tinitirahan. Ang Barangay Kalangkang ay nakapagpagawa ng Day Care Center na nagkakahalaga ng P140,000 at tulong pinansiyal na P137, 000 para sa kanilang Potable Water System.

Ang CIDSS ay bahagi lamang ng mga gawaing iniulat ni Social Welfare Officer Recella sa taong 2002 para sa MSWDO ng bayan ng Sta. Cruz. Ang malalaking gawaing kanyang iniulat ay tungkol sa mga programa para sa kapakanan ng mga paslit at kabataan, programa para sa kapakanan ng pamilya, komunidad, kababaihan at mga may kapansanan.

Sinusuri ni Congressman Perpetuo "Titoy" Ylagan ang isang bankang gawa sa fiberglass sa barangay Tumingad, Odiongan, Romblon habang nakamasid sina TESDA Director Pilar de Leon, Provincial Director Jun Catipon, Mrs. Alfonso at Mr. Federico, ang tagapangasiwa ng pagawaan ng banca. Ang proyekto ay sa ilalim ng CBTED Project ng TESDA sa tulong ng tanggapan ng kongresista at pamahalaang panlalawigan ng Romblon.

P/Supt. Lapinid nahalal na LCC chairman

Nahalal si Police Senior Supt. Alejandro C. Lapinid bilang Chairman ng Regional Law Enforcement Coordinating Council (RLECC) sa MIMAROPA sa Organizational Meeting na ginanap kamakailan sa multi-purpose center, Camp Vicente Lim, Calamba City.

Vice Chairperson naman si Director Yolanda S. Lira ng National Police Commission.

Napagkasunduan ng RLECC na magkaroon ng regular na pagpupulong minsan sa ikalawang buwan at ang Committee naman ay minsan isang buwan. Napili naman ng grupo ang Camp Vicente Lim bilang opisyal na headquarter ng RLECC.

Bumuo din ng iba't-ibang komite at napili ang PIA IV-B bilang Chairperson para sa Civic Involvement at Public Information Committee. Vice Chairman naman ang Chief ng Regional Police Community Relations Divisions sa MIMAROPA samantalang ang mga miyembro ay ang CRS Solcom, BID, BFAD IV-B, BIR, NBI IV-B, LTO, DILG IV-B at DFA IV-B.

ANTS balak gawing center of excellence sa Romblon

Bumisita kamakailan ang Executive Director ng Office of Formal Technical Vocational Education and Training (OFTVET) na si Ms. Irene Isaac at Regional Director ng TESDA Region IV-B (MIMAROPA) na si Ms. Pilar de Leon sa lalawigan ng Romblon upang arukin ang tunay na kalagayan ng lalawigan sa mga pangangailangan nito para sa teknikal na kaalaman, edukasyon at pagsasanay.

Hinirang kamakailan bilang Provincial Direktor ng TESDA-Romblon si Mr. Ponciano S. Catipon, Jr. (dating nakatalaga sa TESDA-Aurora)

Matatandaan na kailan lamang ay itinatag ang TESDA Region IV-B (MIMAROPA) at itinalaga bilang Regional Direktor si Ms. Pilar G. de Leon, dating Executive Director ng Office of Apprenticeship ng TESDA.

Bagamat parehas na bago sa kaniya-kaniyang opisina, naniniwala sila na sa pamamagitan nito'y masisiguro ang tinaguriang "market-driven" na pagbigay ng iba't-ibang serbisyo sa mga Romblomanons.

Layunin ni Director de Leon na pagibayuhin at patatagin ang samahan at pagtutulungan ng TESDA at mga lokal na pamahalaan kung kaya't minabuti nitong bisitahin at personal na makipagpulong sa mga opisyales ng lalawigan.

Personal na nakipagpulong sina Executive Director Isaac at Regional Director de Leon kina Cong. Ylagan at Gob. Madrona, Mayor Famatiga at iba pang opisyales ng pamahalaang lokal hinggil sa mga proyektong kasalukuyang ipinatutupad at ipapatupad pa ng TESDA, at personal at mainit din nilang pinasalamatan at sinaluduhan ang buong suporta ng Pamahalaang Panlalawigan at Lokal sa mga proyektong pangkomunidad ng TESDA. Samantala, tiniyak ng dalawang opisyales ng TESDA na patuloy na magsisilbing daluyan ng mga serbisyo at proyekto mula sa Pamahalaang Nasyonal ang TESDA at patuloy na magsisilbing kabalikat ng mga lokal na pamahalaan sa pagsulong ng ekonomiya ng lalawigan sa pamamagitan ng pagbibigay ng teknikal at bokasyonal na edukasyon at pagsasanay at paglinang sa mga angking kakayahan ng mga taga-Romblon lalong-lalo na ang mga kabataang walang hanapbuhay.

Ang pagdalaw ni Executive Direktor Isaac sa nasabing paaralan ay kaugnay ng layunin ng TESDA sa ilalim ng kanyang tanggapan na gawing "Center of Excellence" ng bansa ang ANTS sa larangan ng "Food Processing." Ang proyektong ito ay popondohan ng World Bank at maglalaan ng P7 M para sa school building at P25 M naman para sa mag iba't-ibang pasilidad. Inaasahan na sa mga huling bahagi ng kasalukuyang taon o di kaya'y sa unang bahagi ng taong 2004 ay masisimulan na ang naturang proyekto.

Pension ng beterano maari nang kunin sa Rural Bank

Madali ng makukuha ng mga beterano ang kanilang buwanang pensyon makaraang lumagda sa Memorandum of Agreement ang Philippine Veterans Affairs Office (PVAO) at ang Land Bank of the Philippines (LBP) kung saan inootorisa ng LBP ang mga rural bank na may akredistasyon sa kanila para sa pagbubukas at serbisyo ng PVAO pensioners account.

Sinabi ni PVAO Administrator Wilfredo G. Pabalan na ang kasunduan ay humihikayat sa mga PVAO pensioners na magbukas ng account sa magugustuhan nilang banko rural na may akreditasyon sa LBP. Ang Rural Bank ang siyang magbubukas ng account sa LBP upang magamit sa pagkuha ng pension o dili kaya ay gamitin ang kasalukuyang account sa LBP.

Ayon naman kay LBP Executive Vice President Gilda E. Pico, mabibiyayaan ang mga beterano sa ganitong paraan sapagkat napakalawak ng serbisyo ng LBP dahil malawak ang mga bangko sa rehiyon at aabot ng kung ilang daan ang mga bangko rural na may apilasyon dito.

Sinabi naman ni Jerry Coloma, Presidente ng Rural Bankers Association of the Philippines na malaking tulong ang mga rural bank sa mga beterano sapagkat bukod sa malapit, mamomonitor din dito ang mga lehetimong pensyonadong beterano.

Ang bagong kasunduan ng PVAO-LBP ay lumawak sa dating scheme noong 1997 kung saan ang mga benepisyo ng PVAO pensioners ay may akreditasyon sa accounts ng pensioner na bubuksan sa iba't-ibang bahagi ng LBP branches sa buong bansa.

Layunin pa rin nito na mapalawak ang kasalukuyang PVAOs bank remittances na lumipat sa pamamaraan ng pagbabayad sa sistemang postal upang maiwasan ang problema na mawala at makuha ang kanilang pensyon dahil sa hindi tamang paghahatid nito na nagreresulta sa libo-libong returned to sender checks (RTS), pagkaantala dulot ng masamang panahon at ang sobrang dami ng mga mail sa panahon ng kapaskuhan.

Mula sa Marinduque

Proyektong CIDSS, tagumpay sa Sta. Cruz

Espesyal na programa ng pamahalaan para sa mga Municipal Social Welfare and Development (MSWD) ang Comprehensive and Integrated Delivery of Social Services (CIDSS). Isa ang bayan ng Sta. Cruz sa mga nagtamasa at ito ay matagumpay na naimplementa sa pamamagitan ng maayos at masinop na pamamahala ng Sta, Cruz MSWD.

Tatlong barangay na nasa liblib ng Sta. Cruz ang kasalukuyang nagbebenipisyo sa CIDSS. Sa Kamandugan ay mayroong dalawang daang libong pisong (P200,000) tulong pangkabuhayan ang mino-monitor at naibigay ang proyektong Potable Water System. Ang Baguidbirin ay mayroong tulong pangkabuhayan ang asosasyon ng kababaihan na halagang siyamnapu't-pitong libong piso (P97,000). Tumanggap din ng tulong pinansiyal na P155,560 para sa kanilang Potable Water System at karagdagang tulong pinansiyal na apatnapung libong piso (P40,000) para sa mga piling pamilya na matindi ang pangangailangang ayusin ang tinitirahan. Ang Barangay Kalangkang ay nakapagpagawa ng Day Care Center na nagkakahalaga ng P140,000 at tulong pinansiyal na P137, 000 para sa kanilang Potable Water System.

Ang CIDSS ay bahagi lamang ng mga gawaing iniulat ni Social Welfare Officer Recella sa taong 2002 para sa MSWDO ng bayan ng Sta. Cruz. Ang malalaking gawaing kanyang iniulat ay tungkol sa mga programa para sa kapakanan ng mga paslit at kabataan, programa para sa kapakanan ng pamilya, komunidad, kababaihan at mga may kapansanan.

Care for indigents program, isinabatas

Pinagtibay ng Sangguniang Bayan ng Boac sa pamamagitan ng Pambayang Ordinansa Blg. 2002-076 ang Care For Indigent Program na naglalayong magbigay ng direktang tulong pinansiyal ang mga Boakeño at mga pinuno at kawaning barangay na kinakailangan ang serbisyo ng ospital o rehabilitasyon mula sa pagkakasakit. Ito ang magsisilbing health insurance program ng pamahalaang bayan.

Ang ordinansa na isinulat ni Konsehal Myke Magalang ay pinagtibay sa ikatlo at huling pagbasa sa ikaapat na regular sesyon kamakailan.

Ito ay popondohan ng pamahalaang bayan ng halagang P700,000 para sa buong barangay, gayundin ang mga Sangguniang Kabataan ay maglalagak bawat taon mula sa 20 porsyento ng development fund nito. Lahat ng barangay ng bayan ng Boac ay magkakaloob din ng P5,000 bawat taon upang magsilbing enrollment fee dito ng taunang kontribusyon ng P1,000 bawat barangay. Bawat taon ay magkakaroon ito ng pondong P1,061,000.00 at bawat hindi nagastang pananalapi sa isang partikular na taon ay magsisilbing permanenteng lagak sa programa na tatawaging "CARE FUND".

Ang kabuuang salaping nasa tanging lagak ay pamamahalaan ng isang governing board na siya ring magtatakda ng halagang itutulong sa bawat isang pasyenteng mangangailangan ng tulong pinansiyal para sa pagpapaospital o rehabilitasyon mula sa pagkakasakit. Kaugnay nito, ang pamahalaang bayan, sa pamamagitan ng Punong Bayan, ay lalagda sa isang kasunduan sa panlalawigang pagamutan sa Lungsod ng Lucena o Kamaynilaan para sa pangangailangan ng mga Boakeno.

Layunin ng ordinansa na matugunan ang suliranin sa malnutrisyon; magkaroon ng palikuran ang lahat ng pamilya; magkaroon ng malinis at ligtas tubig na inumin ang lahat ng mamamayan; matiyak na ang bawat pamilya ay may mga halamang gulay, herbal at ornamental; tiyaking malinis ang mga kanal at estero upang masugpo ang pinamumugaran ng lamok na nagdadala ng dengue; masawata ang drug addiction at iba pang iligal na gawain sa barangay; magkaroon ng sariling botika sa barangay ang 61 barangay ng Boac; magkaroon ng sistemang maayos na pag-iimbak at pagtatapon ng mga basura sa barangay; at magkaroon ng maliliit na mapagkakakitaan ang mga pamilya.

Upang maipatupad ang layunin ng kalusugan sa Barangay, ang magkahiwalay na konseptong pangkalusugan at pangnutrisyon ay pag-iisahin sa mga barangay sa pamamagitan ng Barangay Integrated Health and Nutrition Council at maging sa antas pambayan ay pag-isahin din ito sa pamamagitan ng Municipal Integrated Health Development Governing Board. Sa pamamagitan nito'y mapapadali na rin ang ugnayan ng mga gawaing pangnutrisyon at pangkalusugan sa antas pambayan at pambarangay at ang pagpapadali ng superbisyon ng mga programang ito sa panig ng mga Punong Barangay at Punong Bayan. Inaasahang matapos maisulat at mapagtibay ang implementing rules and regulations ng nasabing ordinansa na babalikatin ng isang komite, ito'y ganap na maipapatupad sa loob ng lalong madaling panahon.

Ang mga kinatawan ng iba't-ibang ahensiya ng gobyerno sa Rehiyon IV ng bigyang parangal sa Boac, Marinduque sa pamamagitan ng putungan (tubungan) na isang kaugalian dito. Nagsagawa sila ng community service sa pangunguna ng NEDA IV.

Putungan sa Marinduque, namumukod

Napakaraming mga kaugalian nakagisnan natin at minana sa ating mga ninuno. Namumukod ang tubungan o putungan na ginagawa ng mga Marinduquenos sa mga bisitang dumarating sa kanilang lalawigan.

Sinabi ni PIA Marinduque Field Officer Jaime Torres na ang tubong ay isang ritwal ng mga awitin at sayaw na ginagawa ng isang grupo ng lalaki at babae sa anyo ng pasasalamat sa lahat ng mga biyayang nakamit. Ito ay ginagawa sa ngayon sa harap ng mga bisita upang iparating sa kanila ang hangarin ng mabuting kalusugan, pag-unlad at tagumpay bilang pagsalubong sa kanilang pagdating sa lalawigan.

Ang paniniwala ay ang personal na santo o santa na nagbabantay sa taong pinapupurihan ay gumagawa ng paraan upang ang kanilang kahilingan sa mabuting kalusugan, pag-unlad at tagumpay ay kanilang makamit.

Ang tradisyunal na tubungan o putungan ay nagsimula sa tarangkahan ng bahay at ito ay nagtatapos kung saan ang lugar ng pinapupurihan ay nakaupo. Puputungan sila ng koronang bulaklak tanda ng karunungan at pagkakalooban din ng pumpon ng bulaklak kasama ang dahon ng palma na nagsisilbing setro (scepter) na sumasagisag sa kapangyarihan. Pagkatapos nito ang mga pinapurihan ay pauulanan ng bulaklak at baryang pera na sumasagisag ng pagmamahal at prosperidad sa saliw ng sigaw naViva at mabuhay.

Mamumutol ng kahoy, nahuli

Tatlong ilegal na mamumutol ng kahoy ang umaming nagkasala sa paglabag sa Seksyon 77 ng Presidential Decree No. 705 na inamyendahan ng Executive Order No. 277 at binagong bilang na Republic Act 7161, Serye 1991.

Sila ay sina Rolando F. Reanzares, Jessie R. Peralta at Jo Pastoral, mga residente ng Barangay Nangka, Torrijos, Marinduque.

Ang tatlo ay nahuli noong 2002 sa nasabing barangay sa magkasanib na aksyon ng mga tauhan ng DENR-Marinduque Nangka at Board of Director ng Naampias Watershed Association, Inc. (BoD NWAI). Sila ay nahuli dahil sa ilegal na pagpuputol ng dalawang puno ng mahogany, kung saan ay kanilang nilagari at pinaghati-hati sa pitong piraso na may iba't-ibang mga sukat na may kabuuang kwantidad na 383 board feet.

Base sa desisyong pinalabas na pinirmahan ni Judge Melba del Mundo-de Peralta ng Municpal Trial Court, Torrijos, Marinduque noong Marso 13, 2003, ang mga akusado ay nagkasala ng walang halong alinlangan sa nasabing paglabag at nahatulan ang bawat isang akusado ng pagkabilanggo mula isang taon, walong buwan at isang araw hanggang dalawang taon at apat na buwan. Inatasan din ng nasabing hukom ang pagporpita ng nasabing mga kahoy pabor sa gobyerno.

Naisampa ang nasabing kaso sa pamumuno ni CENR Officer Chita R. Curameng ng DENR-CENRO, Boac noong December 5, 2002 sa nasabing korte. Dahil sa magandang naging resulta ng pagmumulat sa mga taong lalabag sa batas-pangkalikasan sa probinsya ng Marinduque.

Pinapurihan nina PENR Offcier Danilo R. Querijero ng PENRO, Boac at CENRO Curameng ng Forest Protection and Law Enforcement Unit ng CENRO, Boac, LGU-Barangay Tanod ng BoD-NWAI dahil sa kanilang kahusayan sa pagganap sa kani-kanilang tungkulin.

BALITANG PROBINSIYA

Mula sa Palawan

Ang mangrove paddle boat tour

Maganda ang naging resulta ng sunod-sunod na pag-aaral na ginawa ng Conservation International simula noong 1999 upang makapagpaunlad ng isang Community-based ecotourism project para sa Puerto Princesa Subterranean River National Park (PPSRNP) kilala bilang isa sa pinakamahalagang underground river sa buong mundo.

Ayon kay Ms. Victoria Mendoza, Information Manager ng PIA-Palawan ang pag-aaral ay nagresulta sa disenyo at pagpapaunlad ng mangrove paddle boat tour bilang alternatibong destinasyon sa underground river gayundin ito ay nagsisilbing isang community-operated sustainable tourism project.

Ang proyekto ay may layuning mapalakas ang partisipasyon ng komunidad sa park management at makapagbigay ng dagdag na pagkakataon sa mga miyembro ng komunidad.

Ang mangrove interpretive Paddle Boat Tour ay magkakatuwang na ipinatutupad ng Puerto Princesa Subterarranean River National Park Office sa pamamagitan ng City Tourism Office at ng Barangay Council of Cabayugan sa Palawan, Palawan Conservative Corps at ng Conservation International Philippines sa # 5 South Lawin Avenue, Philam Homes, Lunsod ng Quezon.

Ang proyekto ay nagkakaroon ng katuparan sa pamamagitan ng suporta ng Anheuser Busch.

Sa Palawan din matatagpuan ang pinakamalawak na kagubatan ng mangrove o bakawan sa bansa, ipiniroklama ito ng gobyerno na Mangrove Swamp Forest Reserve. Dito namamalagi ang may 20 Philippine endemic species kung saan 14 sa mga ito ay mahigpit na ipinagbabawal na manghuli at maglabas sa bansa.

Tinaguriang Sabang Riverine Mangrove, matatagpuan dito ang 67 porsyento ng mga ibon sa Palawan na nagkakanlong sa mga kagubatan dito. Nakapagtala din ng 38 uri ng mammals, 19 uri ng reptiles, 10 uri ng amphibians.

Nagsisislbi ring kanlungan ang lugar sa iba't-ibang uri ng migratory birds kapag dumarating ang taglamig (winter) sa mga kalapit bansa.

Noong Marso 26, 1971 sa bisa ng Presidential Proclamation # 835 ipiniroklama ang St. Paul Dome bilang St. Paul Subterranean River National Park na may lawak na 3, 901 ektarya.

Noong 1978, ang pamamahala sa Parke ay inilipat sa Ministry of Natural Resources at noong 1988 ito ay pinondohan ng WWF sa ilalim ng Debt-for-Nature SWAP program ng DENR at noong 1989 naitatag naman ang Ranger Station, Monkey and Jungle Trails, Central Park Station, Park Office in PPC, Communication and Vehicular Equipment.

Batay sa estadistika ng Provincial Environment and Natural Resources (PENRO) ang Philippine Mangrove noong 1918 ay umaabot sa 500,000 ektarya. Sa kasalukuyan ito ay umaabot sa 120,000 libong ektarya kung saan 48,000 ektarya dito ay matatagpuan sa Palawan.

Noong mga 60's at 70's umabot sa 50 porsyento ang ibinaba ng ating mga taniman ng bakawan dahil ito ay ginawang palaisdaan.

Binanggit din ni Mendoza na malaking tulong ang mga bakawan upang maiwasan ang erosyon ng lupa bunga ng bagyo at malakas na hampas ng alon.

Ang mga lugar na may taniman ng bakawan ay nagsisilbi ding pinagkukunan ng pagkain ng mga iba't-ibang uri ng isda at lamang-dagat at dito din sila nangingitlog. Nagiging lugar ito nang natural na tirahan at kanlungan ng iba't-ibang uri ng lamang dagat na nabubuhay sa tubigan.

Lubhang mahalaga din ang mangrove ecosystem sa food cycle ng mga halaman at hayop na naninirahan sa baybay-dagat. Tinataya ring 2/3 ng fishery stocks ay initlog sa mga lugar ng taniman ng bakawan.

Kung pagbabatayan ang talang pangkasaysayan ng Palawan nakaugnay ito sa isla ng Borneo. Makikita ito sa namumukod na Malaysian fauna elements sa mga ibon at iba pang uri ng mga halaman at hayop na matatagpuan sa lalawigan.

Nailipat ang pamamahala ng parke noong Disyembre 16, 1992 mula DENR sa pamahalaang panlunsod ng Puerto Princesa sa Palawan.

Noon namang Nob. 12, 1999 ipiniroklama ang St. Paul Subterranean River Park (SPRSRNP) bilang Puerto Princesa Subterranean River National Park (PPSRNP) na may lawak na 22, 202 ektarya at buffer zone na 18, 301 ektarya.

Naiproklama noong Disyembre 2, 1999 ang Parke na World Heritage Site ng UNESCO at noong Disyembre 4, 2000 inilunsad ang Mangrove Paddle Boat Tour Project sa pagtataguyod ng Conservation International and Protected Area Management Board ng PPSRNP, Barangay Council ng Cabayugan, Pamahalaang Panlunsod ng Puerto Princesa at ng Palawan Conservation Corps.

Ang bantog na Puerto Princesa Subterranean River Natonal Park na kinalalagyan ng mga naghilerang bakawan sa Palawan.

Puhunan ng SME's umabot ng P2.5 B

Maliit nga maituturing, ngunit umabot sa bilyon-bilyong piso ang pinagbuklod na pamumuhunan ng mga small and medium enterprises o SMEs sa Palawan.

Ayon sa datos mula sa Department of Trade and Industry (DTI), umabot sa higit-kumulang P2.9 bilyon ang binuhos ng mga SMEs sa ekonomiya ng Palawan sa loob ng limang taon (1998-2002). Mahigit sa kalahati nito (53%) ay mula sa sektor ng trading, 35% galing sa services sector, 11% mula sa manufacturing sector, at 1% lamang ang mula sa agri-based sector.

Sa kabuuan, may nakatalang 6,899 na rehistradong negosyo sa DTI. Mula sa dami na ito, napakalaking bahagi (98%) ang tinatawag na "micro", mga negosyong P3 milyon pababa ang halaga ng operasyon o pangangapital. Mayroon lamang 10 negosyo sa Palawan ang kabilang sa "medium" (P15M-P100M) at "large" (P100M- pataas).

Malaki din ang tulong ng mga SMEs sa paglikha ng trabaho na umabot sa 22,036 ang bilang ng mga na-empleyo ng iba't-ibang SMEs na nakakalat sa Palawan. Malaking bahagi ng mga trabaho ay nagmula sa sector trading (47%) at services (42%).

Patuloy pa rin ang paglaki ng mga SMEs sa bansa at sa Palawan. Ang mga ito ang pinalalakas ng pamahalaan, sapagkat hindi lamang lumilikha ng mga hanapbuhay, kundi malaki din ang tulong ng mga SMEs na maibsan ang kahirapan sa bansa.

Apat na programa kinilala ng AIM

Hiniling ng Asian Institute of Management (AIM) sa ikalawang pagkakataon na isumite ang mga programa at proyekto ng pamahalaang lungsod na nagpakilala sa Puerto Prinsesa bilang isang modelong lokal na pamahalaan sa buong bansa.

Kinilala ng AIM ang mga programang Oplan Linis at Bantay Puerto bilang outstanding programs, low cost housing, satellite hospitals at satellite libraries bilang mga trailblazing programs na nararapat na tularan ng mga lokal na pamahalaan sa bansa.

Sa ulat na isinumite ni Mayor Edward Hagedorn patuloy na iniimplementa ang apat sa limang nabanggit. Hindi na isinama ang satellite libraries dahilan sa nahinto ang operasyon nito noong nakalipas na taon dahil hindi ito napaglaanan ng kaukulang pondo.

Muling hihirangin ng AIM sa ilalim ng galing pook awards nito ang naturang mga programa dahilan sa patuloy itong naisasakatuparan ng maayos ng lokal na pamahalaan

PBA noon, bilyar ngayon

Puerto Princesa — Mahigit 8,000 manonood ang nagtungo sa Puerto Princesa Coliseum upnag saksihan ang kauna-unahang out of town game ng basketball sa pagtataguyod ng Philippine Basketball Association (PBA) nitong buwan ng Mayo.

Tuwang tuwa ang mga tao habang naglalaban ang koponan ng San Miguel Beermen at Sta. Lucia Realtors, na kapwa nagpakitang gilas sa paglalaro na lalong ikinasiya ng kanilang mga taga-hanga.

Ang ganitong mga pagkakataon ay bihirang mangyari kaya't dinagsa ito ng mga manunuod na sa kauna-unahang pagkakataon ay personal na nakapanood ng PBA games.

Ang basketball ay una lamang sa serye ng mga larong nakatakdang ganapin dito. Ngayong Hunyo ay nakatakda namang ganapin ang billiard game sa pagitan nina Efren "Bata" Reyes at Francisco "Djanggo" Bustamante.

Ang premyong pinaglalabanan ay P200,000 winner takes all sa pagitan nina Bata Reyes at Bustamante.

Ang mga ito ay naisakatuparan sa pagsisikap ni Mayor Hagedorn upang maibalik ang ningning ng Puerto Prinsesa. Nais din ng punong ehekutibo na kilalanin ang lungsod bilang "Convention Capital" ng bansa.

Hagedorn tumanggap ng *'krusadang bayan award'*

Tumanggap si Puerto Prinsesa City Mayor Edward S. Hagedorn ng Krusadang Bayan Award mula sa Catholic Bishop Conference (CBCP) dahil sa pagiging jueteng free ng Puerto Prinsesa sa ilalim ng kanyang pamumuno.

Sa panahon ng kanyang panunungkulan tuluyan ng naalis ang lahat ng uri ng iligal na sugal mula 1992 hanggang 2001.

Simula ng siya ay manalo sa recall election noong nakaraang taon ay inilunsad ng kanyang pamunuan ang malaking kampanya laban sa sugal kung saan tuluyan ng nawala ang jueteng at loteng sa loob lamang ng apat na buwan.

Ang parangal ay iginawad kamakailan nina Archbishop Oscar Cruz ng CBCP at Interior & Local Government Secretary Jose Lina Jr.

Marami pang mga parangal ang natanggap ng Lunsod ng Puerto Prinsesa tulad ng pagiging champion sa larong Sepak Takraw at sa katatapos na kauna-unahang MIMAROPA Regional Athletic Association Meet.

Tumanggap din ng parangal ang unang ginang ng lunsod Mrs. Ellen Hagedorn bilang isa sa ten outstanding women sa Pilipinas mula sa National Commission on Women in the Philippines.

Nauna dito nakamit din ng Puerto Prinsesa ang Best Police Station Award para sa taong 2002 sa Region IV, na iginawad ni Region IV PNP Director Medardo Ben Apacible. Nakamit ng lunsod ang parangal dahil sa 85 porsyento success rate ng anti-drug campaign ng pamahalaang lungsod.

Mula sa Occidental Mindoro

Rehabilitasyon ng Amnay Watershed, isinagawa

Sablayan, Occidental Mindoro – Pangunahing programang ipatutupad ng DENR-CENRO ngayon taong ito sa ilalim ng Low Income Upland Community Project (LIUCP) ang rehabilitasyon ng Amnay Watershed.

Sinabi ni CENRO Leodorico N. Mamuntas na ang Amnay Watershed Rehabilitation Project ay nagsimula nuong 1991 na may target na humigit-kumulang sa 36,130 ektarya. Matatagpuan ito sa pagitan ng bayan ng Sablayan at Sta. Cruz sa Sitio Amnay. Dahilan sa site ng proyekto ay mas madaling marating mula Sablayan , kaya't ito ay pinangangasiwaan ng Centro Sablayan.

Ang proyekto ay dinisenyo upang matugunan ang problema sa soil erosion at siltation ng Amnay River, na nagiging dahilan ng pagkasira ng pananim at imprastruktura bunga ng madaliang pagbaha.

Sa loob ng sampung taon, umaabot sa 13 ektarya ang naitatag bilang forest trees plantation, kasama dito ang mga proyektong imprastruktura tulad ng Stream Gauge Station, ang meteorological station at isang hanging bridge.

Ang lugar ng proyekto ay pinaninirahan ng mga mangyan na nabibilang sa tribong Alangan. Ang populasyon ay umaabot sa 1,658 kung saan ang 550 ay nomadic at ang 450 ay semi-civilized mangyans.

Ang mga nomadic na mangyan na karaniwang binubuo ng lima hanggang 10 pamilya ay tumitigil sa pusod ng kagubatan at ang ikinabubuhay ay sa pamamagitan ng pagkakaingin. Hindi sila pumipirmi sa isang lugar. Palagi silang nagpapalipat-lipat ng tirahan.

Samantalang ang semi-civilized mangyan na kadalasan ay binubuo ng 20 o higit pang pamilya ay nagsasamasamang manirahan sa isang lugar. Bumubuo sila ng pamayanan at humihirang ng kanilang pinakapuno na iginagalang ng lahat sa buong komunidad. Sinusunod nila ang tribal customs and traditions ng kanilang ninuno.

Matatagpuan ang mga sibilisadong mangyan sa permanenteng tirahan malapit sa pambansang daan. Karaniwang ang kanilang pamayanan ay may impluwensiya ang mga tauhan ng DENR o ng mga misyonerong relihiyoso. Ang pamamaraan ng pagsasakang sinusunod ay katulad ng sa kapatagan kung kaya't mas mahusay ang kanilang buhay na pang ekonomiko at sosyal na kalagayan.

Samantala ang mga tribu ng mangyang naninirahan sa Amnay Watershed Rehabilitation Project ay masasabing tunay na napakahirap. Nababuhay sila sa pamamagitan ng marginal na pagtatanim. Kabilang sa kanilang pananim ang wild rootcrop na karot, native banana o saba bilang suplemental na pagkain. Karamihan sa mga mangyan ay hindi marunong bumasa at sumulat. Mapagkaibigan sila at gusto nila ang mga kasayahan.

Sa kasalukuyan ang mga problemang pangkabuhayan ng mga mangyan sa Sablayan ay ibinigay ng LGU dito sa ilalim ng Lingap Katutubo Program, isang multi-agency systematic delivery of basic services sa mga pamayanan ng mangyan. Katulong dito ang CENRO sa Sablayan para sa pag-aaral at pagpapaunlad ng kanilang mga kaalaman sa kanilang security of tenure ng mga mangyans sa kanilang ancestral domain.

Mahigpit na ipapatupad dito ang mga gawaing rehabilitasyon, proteksyon at konserbasyon. Inaasahang ang Amnay Watershed ay makapagpapalakas sa kapasidad ng produksyon sa Claudio Salgado, Lagnas, Livita, Pag-asa at Victoria.

Kabilang sa gagawing rehabilitasyon dito ang pagmamantina ng narsery at pagtatanim ng mga bagong binhi sa mga kalbong lugar.

Ipinagbabawal din ang pagkakaingin at walang habas na pagputol ng mga puno.

Nakasentro ang gawaing pangangalaga sa kagubatan sa pamamagitan ng pagtuturo sa mga tribo ng mangyan bilang kabalikat sa pangangalaga ng yamang gubat at pagbibigay ng kaalaman sa kahalagahan ng proyekto sa pag-unlad, progreso at prosperidad ng bayan ng Sablayan

Occidental Mindoro, nanguna sa rice hybrid contest

Nagdaos kamakailan ng Field Day sa bayan ng Rizal, Kanlurang Mindoro upang masaksihan ng mga magsasaka at mga pinuno ng Department of Agriculture, Regional Field Unit 4, Philrice at LGUs ang isang ektaryang techno demo farm ng hybrid rice na naging panlaban ng Occidental Mindoro sa katauhan ni Ginoong Ernesto P. Pablo, Sr., butihing asawa ng punong bayan ng Rizal na si Mayor Sonia Cabaluna Pablo.

Mayroong 35 contestants sa buong kapuluan at ang ginagamit na semilya ay SL 8 variety ng hyvrid of 1.

Sa pitong lalawigan na –validate na ng mga board of judges, nanguna ang Occidental Mindoro dahil sa resulta ng ani ng bayan ng Rizal ay umabot ng 11.1 metric tons o 222 cavans ng palay at 18 porsyento moisture content.

Ang gross income na ipinagbili sa National Food Authority ay nagkakahalaga ng P113,887.75 at ito ay may P90,617.75 na neto matapos alisin ang gastos na nagkakahalaga ng P23,270.

Pare-parehong teknolohiya ang ginagamit ng mga contestant at ito ay walang dayaan sapagkat nakaharap lahat ng board of judges ng ito ay gapasin, giikin hanggang sa pagtimbang ng palay sa sako.

Ang pagtatanim ng hybrid rice ay kinakampanya ni Gobernador Jose T. Villarossa bilang chairman ng Hybrid Rice Commercialization Program at Provincial Action Team ng lalawigan. Ang Quedancor ay nagbigay din ng kaseguruhan na sila ay magpapautang ng supervise credit crop loan na nagkakahalaga ng P10,000 bawat ektarya kung sila ay magbubuo ng grupo mula 3-5 miyembro.

Kung lahat ng magsasaka sa buong kapuluhan ay magtatanim ng hybrid rice at ganito kalaki ang ani, malamang na hindi na tayo mag-aangkat ng bigas sa ibang bansa, ayon pa rin sa obserbasyon ng ating mahal na Gobernador Jose T. Villarosa.

Ang ipinagmamalaking "Lubang Island" ng Occidental Mindoro

Lubang: *Paradise island handog sa pinoy*

Bumisita kamakailan ang isang grupo ng mga kawani mula sa NEDA-IV-B sa Lubang Island upang magsagawa ng pag-aaral sa proyektong pangkaunlarang inhanda para sa dalawang pamayanan ng Lubang sa Occidental Mindoro.

Ang Lubang Islands ay matatagpuan 75 milya buhat sa Timog Kanluran ng Maynila, na ang hangganan sa hilaga, timog at silangan sa China Sea at sa Timog Silangan ng bayan ng Looc. Ito ay may lawak na humigit-kumulang sa 11,395 ektarya na binubuo ng 16 na barangay. Ang mga ito ay ang Likas Silangan, Ninikat ng Pag-asa, Araw at Bituin, paraiso, Banaag ng Pag-asa, Bagong Sikat, Maginhawa, Barangay , Binakas, Cabra, Maligaya, Maliig, Tagbac, Tangal, Tilik, Vigo at Serville.

Sa pakikipanayam kay Pablo Serrano, Occidental Mindoro Field Officer , sinabi niya na ang pangalang Lubang ay hango sa lumbang, isang uri ng punong kahoy na sagana sa isla nuong unang panahon.

Matatagpuan anya sa barangay Serville ang Gozar Air Station na nasa tuktok ng pinakamataas na bundok ng Lubang at nagtatanod ng 24 na oras na Philippine Air Corregidor. Ang Parola naman sa Cabra Island na unang nasindihan nuong Mayo 1896 ay nagsisilbing giya sa ocean faring vessel na lumalaot sa Philippine Sea Corridor sa China.

Mainit ang ginawang pagtanggap sa mga bisita ng mga mamamayan at opisyales ng bayan ng Lubang na nakikita sa mga streamers at T-shirsts na kanilang suot. Ang mga salitang 'Lubang Islands :Paradise Island at Dream Big, Act Big" ay nagbabadya ng isang libo't isang kahulugan sa Lubang at sa mga taong naninirahan dito.

Nagbigay naman ng briefing si Mayor Johnny M. Sanchez, isang retiradong koronel tungkol sa kalagayan ng pamumuhay na sosyal at politikal sa Lubang. Binanggit niya na kung ang pagbabatayan ay kalakal at komersyo dito, diretso ang ugnayan ng Lubang sa Maynila. Ang pagkakaugnay lamang ng lugar sa lalawigan ay politikal.

Sinabi rin ni Sanchez na kabilang sa flagship project dito ay ang pagpapagawa ng Tilik Port sa Lubang. Inaasahang ito ay matatapos makalipas ang dalawang taon na nagkakahalaga ng P53 milyon. Operasyonal na rin ang isang terminal na pampasahero at interesado din ang JICA na pondohan ang irrigasyon ng may 2,000 ektarya sa isla.

Namigay din ang pamahalaang pambayan dito ng libreng palikuran at libreng instalasyon ng koryente sa mga mahihirap na pamilya.

Binisita din ng grupo ang apat na ektaryang Lubang Demo Farm at nagtuloy sa Hulugaan na kinalalagyan ng isa sa mga kilalang talon dito.

Ang kanilang huling pinuntahan ay ang bayan ng Looc na sagana sa lamang dagat tulad ng ilang pusit at danggit. At dito sa tinaguriang bantayan ay kanilang iprisenta ang pre-feasibility studies ng Fisherman's Wharf Project sa Looc at Lubang Island Community Aquaculture for Greater Economic Security (CAGES) project sa Lubang. Matagumpay na tinanggap ng mga lokal na mamumuhunan at ng mga mamamayan ang proyekto isang indikasyon ng pag-unlad ng pamayanan.

Napakaraming potensyal na maihahandog ang Lubang Islands lalo na sa agrikultura at ecotourism. Kabilang sa kanilang produkto ang palay, bawang, mani, seafood o lamang dagat at asin. Kapag naipatupad ang modernisasyon ng produksyong pangsakahan at pangisdaan maaring maging food bowl ng Rehiyon MIMAROPA ang Lubang.

Naging bantog din ang isla ng Lubang noong Marso 9, 1947 nang ang kaisa-isang Japanese Straggle na si Lt. Hirro Onoda ay sumuko matapos ang 30 mahabang taong pagtatago sa kagubatan ng isla.

Kailangan ayusin at paunlarin ang industriya ng turismo sa Isla. Malaki ang maitutulong ng Departemnt of Tourism upang hindi na hanapin pa ng mga Pinoy ang paraiso, sapagkat ito ay inihahandog ng mala Kristal na Isla ng Lubang.

Mula sa Oriental Mindoro

Strong Republic Nautical Highway (SRNH),handang maglingkod sa inyo

Pinangunahan ng Pangulong Gloria Macapagal Arroyo ang pagpapasinaya sa Strong Republic Nautical Highway (SRNH) Port Marker, Calapan City. Kasama sa larawan sina Sen. Noli de Castro, Gov. Bartolome L. Marasigan at First Gentleman Mike Arroyo.

Prescribed Trip Schedule - SRNH (Manila-Caticlan-Manila)

ETD from Cubao	11:00 pm
ETA Batangas	1:00 am
ETD from Batangas	2:00 am - **RORO Starlite Pacific Daily**
ETA Calapan	4:00 am
ETD Calapan	5:00 am
ETA Roxas	7:30 am
ETD from Batangas	8:30 am - **RORO Maharlika 3 Daily**
ETA Batangas	1:00 pm
ETD from Caticlan	3:00 pm - **RORO Maharlika 3 Daily**
ETA Roxas	7:30 pm
ETD from Roxas	8:30 pm
ETA Calapan	11:00 pm
ETD from Calapan	11:30 pm- **RORO Starlite Nautica Daily**
ETA Batangas	1:30 am
ETD from Batangas	2:30 am
ETD Cubao	4:30 am

ROLLING CARGO RATES

VEHICLE TYPE	ROUTE	TERMINAL FEE	FREIGHT CHARGES	TOTAL
10-Wheeler Truck/Buses	Batangas-Calapan	400.00	1,750.00	2,150.00
	Roxas-Caticlan	**400.00**	**3,427.00**	**3,827.00**
	Iloilo-Bacolod	400.00	750.00	2,150.00
	Dumaguete Dapitan	400.00	2,900.00	3,300.00
Cars / Sedan	Batangas-Calapan	200.00	370.00	570.00
	Roxas-Caticlan	**200.00**	**725.00**	**925.00**
	Iloilo-Bacolod	200.00	1,472.00	1,675.00
	Dumaguete Dapitan	200.00	1,620.00	1,820.00
Vans	Batangas-Calapan	200.00	520.00	720.00
	Roxas-Caticlan	**200.00**	**1,018.00**	**1,218.00**
	Iloilo-Bacolod	200.00	1,472.00	1,675.00
	Dumaguete Dapitan	200.00	1,780.00	1,980.00

PRESCRIBED PASSENGER FARE AND VEHICLE CHARGES
For motorists using the Strong Republic Nautical Highway (SRNH)

Origin-Destination	PASSENGER 1	ROLLING CARGO 2		
		Van	*Cars*	*10 Wheeler Truck/Bus*
Manila – Caticlan	740.00	1,938.00	1,495.00	5,927.00
Manila – Iloilo	975.00	1,938.00	1,495.00	5,927.00
Batangas – Caticlan	621.28	1,938.00	1,495.00	5,927.00
Batangas – Iloilo	856.00	1,938.00	1,495.00	5,927.00
Calapan – Caticlan	511.28	1,218.00	925.00	3,827.00
Calapan – Iloilo	746.28	1,218.00	925.00	3,827.00
Manila - Dapitan	1,549.70	5,590.46	4,987.46	12,227.00

PASSENGER RATE

Route	*Fare (in Php)*	*Means of Transportation*
Manila – Iloilo	118.72	Aircon Bus
Batangas – Caticlan	110.00	RORO Boat
Batangas – Iloilo	155.68	Aircon Bus
Roxas - Caticlan	**210.00**	**RORO Boat**
Manila – Caticlan	740.00	Aircon Bus and Boat Fare
Manila - Iloilo	75.00	Aircon Bus and Boat Fare
Iloilo - Bacolod	165.00	Fastcraft
Bacolod - Dumaguete	239.70	Aircon Bus
Dumaguete - Dapitan	170.00	RORO Boat

Trip Schedule - SRNH (Manila-Iloilo-Manila)

ETD from Manila	11:00 pm
ETA Batangas	1:00 am
ETD from Batangas	2:00 am - **RORO Starlite Pacific Daily**
ETA Calapan	4:00 am
ETD from Calapan	5:00 am
ETA Roxas	7:30 am
ETD from Batangas	8:30 am - **RORO Maharlika 3 Daily**
ETA Caticlan	1:00 pm
ETD from Caticlan	2:00 pm
ETA Iloilo	6:00 pm
ETD Iloilo	10:00 am
ETA Caticlan	2:00 pm
ETD from Caticlan	

SCHEDULES ARE SUBJECT TO CHANGE WITHOUT PRIOR NOTICE

Masayang nakangiti si President Gloria Macapagal Arroyo sa mainit na pagtanggap ng mga Mindoreños sa kanyang SRNH project.

Mula sa Oriental Mindoro

Oriental Mindoro, islang paraiso ng Pilipinas

Ang Oriental Mindoro ay kilala bilang islang paraiso ng bansa na may lawak na 4,365.75 kwadrado kilometro na sumasakop sa silangang bahagi ng isla ng Mindoro. Ang Calapan City ang kabisera nito na matatagpuan sa daungang bahagi ng lalawigan. Napakaganda ng lalawigan na binubuo ng 14 na bayan. Ito ay ang Baco, Bansud, Bongabong, Bulalacao, Gloria, Mansalay, Naujan, Pinamalayan, Pola, Puerto Galera, Roxas, San Teodoro, Socorro at Victoria.

Dahil sa magaganda nitong irigasyon at preserbasyon ng imbakan ng tubig ang lalawigan ay kilala rin bilang "rice granary" at "fruit basket" ng Katimugang Tagalog.

Ang lalawigan ay matatagpuan sa hilaga ng Verde Island at ng Verde Island Passage, sa may silangan naman ay ang Maestro del Campo Island at Tabilas Strait; sa timog ay nanduon ang Semirara Islands at sa kanluran naman ay ang Islang lalawigan ng Occidental Mindoro.

Ang mga mamamayan dito ay masisipag, mapunyagi, tahimik at mahusay tumanggap ng panauhin. Sa kasalukuyan umaabot na sa 681,818 ang mga Mindorenos na nagtataguyod ng pag-unlad dito.

Pagsasaka ang pinagkakakitaan ng mga tao dito. Nung 1995 umabot sa 760,875 metriko tonelada ang kabuuang produksyon nito sa bigas. Ito ay mga 55 porsyento ng kabuuang labor force na siyang nangangasiwa sa pagsasaka at paggugubatan. Kabilang sa mga pangunahing pananim dito ay ang niyog, mais, sitrus at saging. Mayroon ding nag-aalaga ng baka at manok at ang iba naman ay namumuhunan sa pagtatanim ng rubber tree. Lukratibo din ang pangisdaan dito dahil sa malawak at mayamang pangisdaan. Sagana din ang Oriental Mindoro sa deposito ng ginto, pilak, nickel, iron, copper, chromite, gypsium, barite at ang puting marmol na namumukod sa buong mundo.

Ang Calapan City ang growth center ng lalawigan. May kabuuang lawak na 265.2 kwadrado kilometro at ito ang nagsisilbing sentro ng gobyerno at komersyo sa buong isla. Ang lahat ng mga kargamentong papuntang Batangas at Maynila ay dumaraan sa daungan ng Calapan kung kaya't isa ito sa pinakaabalang ruta ng mga ferry boat.

Ang pambansang daan dito ay umaabot sa 274 kilometro, 145 kilometro sa unang distrito samantalang 129 kilometro sa ikalawang distrito.

Maayos din ang mga daungan dito na nagsisilbing suporta sa international na daungan ng Batangas at kamakailan lamang ay pinasinayaan ng Pangulong Gloria Macapagal Arroyo ang Strong Republic Nautical Highway na mag-uugnay sa Luzon at Mindanao.

Ang mga light aircrafts ay napaglilingkuran ng tatlong airports sa isla. Ito ay ang Calapan City Airport, Mansalay Airport at ang Pinamalayan Airport. Ito ay may 1.2 kilometro concrete runway na inaasahang magiging operasyunal sa mga darating na panahon.

Hindi rin problema ang kuryente at tubig sa lugar. Ito ay natutustusan ng Oriental Mindoro Electric Cooperative (ORMECO). Ang power barge sa Minolo Cave sa Puerto Galera ang nagsisilbing tagatustos para sa mga residential, industrial at komersyal na sektor. Ang tubig ay nanggagaling sa mga sibol, balon at bomba ng tubig.

Maipagmamalaki ng islang lalawigan ang mga naggagandahang beaches sa bansa. Ang mga ito ay madalas pasyalan ng mga foreign at lokal na turista. Kabilang sa mga beaches at resort dito ang Calwangan Lake, Aganahaw Island, Sugin Beach, Silonay Island, Tudhod Beach, Lagarian Beach Resort, Pungay Hot Springs, Tacligan Beach Resort, at ang Wawa Beach Resort.

Pangunahing atraksyon sa Oriental Mindoro ang Puerto Galera, kilala sa magagandang harbor, mapuputing beaches at sheltered caves. Kabilang sa mga kilalang beaches sa Puerto Galera ay ang Haligi, White, Tamaraw, Taliponan, Small and Big Lalaguna, Garcia at Sabang na angkop para sa water skiing, windsurfing, scuba diving, snorkeling, boating at swimming.

Marami pang atraksyong inihahandog ang lalawigan. Kabilang dito ay ang mini-museum sa compound ng simbahang Katoliko na ipinapakita ang mga mamahaling Chinese artifacts at porcelain dishes mula sa isla nuong kalakalakan ng mga unang panahon.

Namumukod pa ring tanda dito ang Marble Cross o muelle, itinatag ito bilang paggunita sa mga crew ng Spanish Warship ang "Canonero Mariveles" na lumubog nuong Nobyembre 18, 1897.

Ang iba pang pook na naghahandog ng katangi-tanging lugar ay ang Aras Cave Falls at Punt Beach Resort sa San Teodoro; ang Mt. Halcon at Lantuyang Rapids sa Baco; Naujan Lim, Bahang Bato Ruins, Dome Hill at Baluarte sa Lumangbayan.

Sa kasalukuyan ang lalawigan ay pinamumunuan ni Gobernador Bartolome L. Marasigan Sr. Siya ay isa sa outstanding Governor ng bansa at chairman ng Regional Peace and Order Council (RPOC) na kamakailan lamang ay hinirang na pangalawang pinakamagaling na RPOC sa Pilipinas.

ORIENTAL MINDORO PROVINCIAL OFFICIALS

Hon. Bartolome L. Marasigan, Sr.
Governor
Tel.Nos. (043)286-2347 / 286-7118

Hon. Thadeus E. Venturanza
Vice-Governor
Tel.No. (043)286-2347

Hon. Rumerlito A.Dolor
Board Member (1st District)
Tel.No. (043)280-7150

Hon. Ligorio A. Turano
Board Member (1st District)
Tel.No. (043)280-7150

Hon. Leopoldo C. Malapitan
Board Member (1st District)
Tel.No. (043)280-7150

Hon. Ireneo A. Apasar
Board Member (1st District)
Tel.No. (043)280-7150

Hon. Rafael L. Infantado
Board Member (1st District)
Tel.No. (043)280-7150

Hon. Abraham R. Abas
Board Member (1st District)
Tel.No. (043)280-7150

Hon. Ernesto E. Liwanag
Board Member (2nd District)
Tel.No. (043)280-7150

Hon. Susan F. Cobrado
Board Member (2nd District)
Tel.No. (043)280-7150

Hon. Sencho F. Ferranculo
Board Member (2nd District)
Tel.No. (043)280-7150

Hon. Claro R. Recto
Board Member (2nd District)
Tel.No. (043)280-7150

Hon. Rogeto G. Cometa
Board Member (2nd District)
Tel.No. (043)280-7150

Hon. Kathlyn Cyrelle Cuyas
SK Fed. President (2nd Dist.)
Tel.No.(043)286-7144

DEPARTMENT HEADS

Mr. Samson C. Rivera
Provincial Administrator
Tel.No. (043)286-7009

Mrs. Paz P. Fortunato
Provincial Treasurer
Tel.No. (043)286-7044

Engr.Carmelo C. Morato
Provincial Engineer
Tel.No. (043)286-7144

Mr. Cesar P. Tallada
Provincial Planning and Development Coordinator
Tel.No. (043)286-7054

Dr. Aristec V. Baldos
Provincial Health Officer
Tel.Nos. (043)288-5151
(043)288-5152

Mr. Apollo E. Feraren
Prov'l. Gen. Services Officer
Tel.Nos. (043)286-7120
(043)286-7447

Mr. Orlando A. Maliwanag
Provincial Information Officer
Tel.No (043)288-2421

Ret.Col.Maximo T. Euora
OIC - Provincial Jail
Tel.No. (043) 286-7154

Mrs. Elita O. Paala
Provincial Human Resources Management Officer
Tel. No. (043) 286-2220

Mr. Elvin G. Macatangay
Provincial Planning and Development Coordinator
Tel.No. (043)286-7054

Dr. Aristec V. Baldos
Provincial Health Officer
Tel.Nos. (043)288-5151
(043)288-5152

Mr. Apollo E. Feraren
Prov'l. Gen. Services Officer
Tel.Nos. (043)286-7120
(043)286-7447

Mr. Rodolfo V. Valdez
Provincial Agriculturist
Tel.No. (043)288-2282

Dr. Grimaldo C. Catapang
Provincial Veterinarian
Tel.No. (043) 286-7518

Mrs. Cynthia A. Puyat
Provincial Accountant
Tel. No. (043) 286-8163

Ms. Neinette M. Pineda
Provincial Budget Officer
Tel.No. (043)288-7080

Atty. Edgardo J. Aceron
Provincial Legal Officer
Tel.No. (043) 286-7062

Mr. Onisimo S. Naling
Provincial Assessor
Tel. No. (043) 286-7007

Mrs. Teresita A. Umbao
Provincial Social Welfare & Development Officer
Tel. No. (043) 286-7104

Mr. Maximino Jumig
Environment & Natural Resources Officer
Tel.No. (043) 286-7123

Ret. Col. Meliton C. Faltado
Civil Security Unit Officer
Tel. No. (043) 286-7854

Mr. Teddy Jose G. Flores
Provincial Law Enforcement Community System
Tel. No. (043) 286-7152

Mr. Orlando B. Tizon
Provincial Tourism Officer
Tel.No. (043) 286-7046

Mr. Simplicio Maramot, Jr.
Internal Control Division Officer
Tel. No. (043) 286-7854

Mr. Ronald G. Panaligan
Provincial Youth and Development Officer
Tel.No. (043) 286-7873

TESDA, may 206 scholars para sa SY 2003-2004

Kukuha ng 206 na mag-aaral para sa kolehiyo ang Technical Education and Skills Development Authority (TESDA) ng lalawigan ng Oriental Mindoro ngayong pasukan.

Sa isang panayam kay G. Nestor I. Reyes, OIC-Provincial Director, may 338 ang pumasa sa ginanap na qualifying examinations na ibinigay ng kanilang tanggapan kamakailan. Ang mga mapipiling scholars ay bibigyan ng pagkakataong makapasok sa mga technical schools na rehistrado sa TESDA.

Samantala, ang mga nasabing technical schools para pasukan ng mga mapipiling mag-aaral ay matatagpuan sa iba't-ibang bayan ng Oriental Mindoro. Ito ay ang mga sumusunod: Computer Learning Center of Calapan (CLCC), STI Colleges, Filipino Academy of Scientific Trades (FAST), Southern Maritime Foundation, Faith Caregiver Training Center, Prince of Peace College, Mina De Oro Institute of Technology, Oriental Mindoro Academy (OMA), Ark of Covenant Montessori and Colleges, Grace Mission College, IATEC, EMITS, Pinamalayan Maritime Foundation, Prima Rason Training Center, SMA, Clarendon College, John Paul College at Roxas College.

Ang mga priority courses, ayon pa kay Reyes, ay ang agriculture, Food Technology, HRM, Tourism, Seafarers, Health Services, Automotive at Information Technology. Ang mga nasabing kurso ay tatagal mula isa hanggang 3 taon.

Ang mga mapapalad na mapipili at makakapasa sa interview ay mananatiling scholars ng TESDA hanggang sa sila ay makatapos maliban na lamang kung sila ay titigil o mag-aasawa at magkakaroon ng antas na bababa sa 80 %.

Bukod sa kukuning 206 scholars sa lalawigan, mayroon pa silang 183 na mga mag-aaral na patuloy na nag-aaral sa kasalukuyan at ito ay binibigyan nila ng tulong pinansiyal na nagkakahalaga ng P7,250.00 bawat mag-aaral kada semestre.

Sinabi ni Reyes na maliban sa tulong pinansiyal ng kanilang tanggapan, naglaan din ang Provincial Government ng Oriental Mindoro sa pamumuno ni Governor Bartolome L. Marasigan, Sr. ng halagang P500,000.00 para sa karagdagang gastusin o allowance ng mga nasabing mag-aaral.